Department of
**Education**

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

# Mga programa ng VacSwim sa Oktubre

## Papel-kaalaman

Ang VacSwim ay nag-aalok ng masayang mga pagtuturo sa paglangoy tuwing bakasyon ng eskwelahan sa Oktubre at sa tag-init. Layunin nitong bigyan ang mga bata sa buong Western Australia ng mga kasanayan upang manatiling ligtas sa tubig at magkaroon ng kumpiyansa sa paglangoy.

### Sinu-sino ang mga maaaring mag-enrol?

Mga batang may edad 5 hanggang 17 taong gulang sa iba't ibang antas ng paglangoy mula baitang 1 hanggang 16.

Para sa tiyak na impormasyon tungkol sa mga baitang, sumangguni sa aming website.

### Kailan magsisimula at magtatapos ang pag-enrol?

Magsisimula ang pag-enrol sa Miyerkules, ika-17 ng Hulyo 2024.

Magtatapos ang pag-enrol sa Miyerkules, ika-14 Agosto 2024.

### Paano mag-enrol?

Ang pinakamadaling paraan upang mag-enrol ay online sa aming website.

Maaari ka ring mag-download ng enrolment form. Kapag natapos na, i-print ito at ipadala sa amin bago ang petsa ng pagtatapos ng pag-enrol. Mga detalye sa ibaba:

VacSwim
Department of Education
Pambuong-estadong Services Centre
33 Giles Avenue
Padbury WA 6025

### Magkano ang halaga ng mga programa sa Oktubre?

| Programa | Pang-isahan | Konsesyon na Pang-isahan (Single concession) | Pamilya* | Konsesyon na Pampamilya (Family concession)* |
|---|---|---|---|---|
| **Programa sa Oktubre** | $32.00 | $20.50 | $85.50 | $57.00 |
| **maikling programa sa Oktubre** | $16.50 | $11.50 | $43.50 | $29.00 |

*Ang pag-enrol ng pamilya ay kinabibilangan ng 3 o mahigit pang mga bata mula sa parehong address.

Ang mga presyong ito ay hindi kasama ang bayad sa pagpasok sa pool para sa mga bata o mga nagbabantay na matatanda.

## Sino ang kuwalipikado para sa isang konsesyon?

Sino mang mayroong sumusunod na mga card:

- Companion Card
- Commonwealth Seniors Health Card
- Department of Veterans' Affairs (Gold, White, Orange)
- Health Care Card
- Out of State Seniors Card
- Pensioner Concession Card
- State Concession Card
- WA Seniors Card

## Kailan ang mga pagtuturo?

Ang programa sa Oktubre ay tatakbo ng 8 araw mula Miyerkules, ika-25 ng Setyembre hanggang Biyernes, ika-4 ng Oktubre 2024.

Ang maikling programa sa Oktubre ay tatakbo ng 5 araw mula Lunes, ika-30 ng Setyembre hanggang Biyernes, ika-4 ng Oktubre 2024.

## Anong oras ang mga pagtuturo?

Ang programa sa Oktubre ay isasagawa sa umaga sa karamihan ng mga lugar.

Ang maikling programa sa Oktubre ay isasagawa sa hapon, kadalasan mula 12:25 pm hanggang 3:25 pm.

Ang mga oras ng pagtuturo ay maaaring mag-iba depende sa lokasyon. Bisitahin ang aming website para sa karagdagang impormasyon.

## Gaano katagal ang mga pagtuturo?

Ang mga pagtuturo para sa programa sa Oktubre ay tatagal ng 45 minuto.

Ang mga pagtuturo para sa maikling programa sa Oktubre ay tatagal ng 35 minuto.

## Paano ko malalaman ang higit pa tungkol sa VacSwim?

Maaari mong bisitahin ang aming website sa education.wa.edu.au/vacswim, mag-email sa amin sa vacswim@education.wa.edu.au o tumawag sa (08) 9402 6412.


CC BY